



Sofibats by
Hadrat Shaykh Muhammad Mehmet Adil al-Hakkani

**ANG MGA MODA O URI NG SIKAT NA PANANAMIT AY DI
MAKAKAPAGBIGAY KASIYAHAN**

*Assalamu Alaykum wa Rahmatullah wa Barakatuh,
Auzu Billahi Minashaytanir Rajeem. Bismillahir Rahmanir Raheem,
Wassalatu Wassalamu ala Rasulina Muhammadin Sayyidul Anwalin wal Akhirin,
Madad Ya Rasulallah, Madad Ya As'habi RasuLillah, Madad Ya Mashayikhina,
Shaykh Abdullah Daghestani, Shaykh Nazim al-Haqqani. Dastur.
Tariqatunas sobba, wal khayru fil jamiyya.*

Ang mga tao ngayon ay di alam kung ano ang gagawin. Ang mga demonyo ng mga tao ngayon ay pinaglalaruan lamang sila sa kanilang kagustuhan. Hindi sila nasisiyahan o nakukuntento sa kahit na anong bagay at gusto nila ng mga bagong bagay lagi. Kapag may bagong lalabas ito'y tatawagin nilang fasyon or moda ng sikat na pananamit: "Ang sikat na pananamit ngayong tao ay ganito"

"Ano ang nangyari sa sikat na pananamit noong nakaraang taon?"

"Ang pananamit na iyon ay di na sikat. Kailangan na natin mag-iba ng pananamit"

"Ano ang meron noong nakaraang taon? Nakahubad ba ang klase ng pananamit last year?"

"Hindi."

Oo naman, ang iba ay maaring nakahubad.

"Ganoon siya noong nagdaang taon. Ngayon taon tapos na siya. Kailangan na natin magsuot ng sikat na damit."

Ito ang kaso sa lahat ng bagay. Ang mga tao ay mayroong oportunidad na ngayon, sila ay naghahanap ng isang bagay na di nila mahagilap. Ang hinahanap nila ay wala sa sikat ng damit, ito ay isang bagay na makukuha mula sa Allah. Maari mong gamitin ang damit hindil mula noong isang daang taon ngunit noong isang libong taon. Walang balakid at walang kakulangan ng ginhawa dun. Samakatwid, iyon ay mas naaayon ngunit itong mga tao ay hindi nakukuntento sa lahat ng bagay at kanilang iniisip na lahat ay magiging maayos sa pananamit, lahat ay mas magiging maganda.



Sohibats by
Hadrat Shaykh Muhammad Mehmet Adil al-Hakkani

Hindi, walang ganoong klaseng bagay. Kapag mas lalo mong sinusundang ang iyong kagustuhan, mas lalo pa itong di makukuntento. Hindi ito nakukuntento sa anumang bagay. Walang kabutihan ang iyong pagsunod sa iyong kagustuhan. Gusto lamang nito ng mga bagong bahay hanggang kamatayan. Ito ay di nasisiyahan. Taon-taon may tinatawag tayong 'pagsunod sa sikat na pananamit sa taon'. Sinasabi ng karamihang tao na susundan namin ang sikat na pananamit na iyon.

France's Paris, ang sentro ng Shaitan, ang kanilang tinatawag na puso ng fasyon o moda ng pananamit. Ang pagiging sentro ng Shaitan ng paris ay mula sa kataas taasang karunungan ng Allah. Kung ano man ang karunungan na ating makukuha mula dun ay si Allah lamang at Propeta Muhammad alayhis salatu was salam ang nakakaalam. Oo naman at may mga ibang lugar na puno ng kasamaan, ngunit ang pinakatanyag na lugar ay Paris. Ang mga tao sa lugar na iyo ay di nakukuntento, at ito fasyon o moda ng pananamit at di nakakatulong sa kanila.

Ang bagay na kanilang sinusundan ay walang saysay sa kanilang espiritwal na aspeto, samakatwid ito ay pumapatay sa kanilang espiritwal na aspeto. Ito ay dahil sinira nila ang relihiyon. Sa katunayan, ang pagkasira na kanilang ginawa ay sa kanilang sa sarili at hindi sa relihiyon. Ang mga taong di sumusunod sa patnubay ng relihiyon ay malulugi sa kanilang mga sarili. Hindi sila magiging masaya sa kahit na anong bagay sa buong buhay nila, walang makakakuntento sa kaniya. At sila ang pinakamasahol sa araw ng Qiyamat. Kaya dapat ika'y pumunta sa daan patungo sa Allah, gawin mo ang sinasabi ng Allah at sundan mo ang turo ng Propeta Muhammad alayhis salatu was salam. Sundan mo ang mga Sahaba ng Propeta at mga kaibigan ng Allah. Ika'y binibigyan nila ng kapayapaan, paglinis sa iyong puso, hindi sa labas, at pinapaganda ka sa loob. Tayo sana ay bigyan ng biyaya ng Allah In Sha Allah.

Wa Minallah at-Tawfeeq.

Al-Fatiha.

Hadrat Shaykh Muhammad Mehmet Adil
21 January 2016 / 11 Rabiul Akhir 1437
Akbaba Dargah, Sabah Namaz

1. Discord, confusion.
2. Sunna
3. Sahaba
4. Awliya